

Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Silangang Mindoro  
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-6 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 PEBRERO 2000, IKA-9.25 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY LIBTONG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.  
Konsehal Jesus S. Dela Cruz  
Konsehal Cesar T. Baticoa  
Konsehal Ramil O. Dimapilis  
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.  
Konsehal Eduardo K. Soriano  
Konsehal Juan S. Advincula  
Konsehal Angeles D. Bautista  
Konsehal Eduardo G. Villamin  
Konsehal Randy P. Valencia

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay  
- Pangulo, Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Konsehal Mae Arlene M. Talens

KAPASYAHAN BLG. 012  
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG LIBTONG AT MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot hanggang sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makatutulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;
- SAPAGKA'T ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga namumuno sa nakatataas na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karalangan ng mga taong-bayan at sa gayon sa pagtutulongan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;
- SAPAGKA'T isa sa nakikitang magandang hakbang ay ang pagdaraos ng sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyalogo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan ito;
- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;
- SAPAGKA'T sa Libtong na siyang panlabintatlong barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Pebrero 14, 2000, naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng Libtong.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo K. Soriano na sinang-ayunan ng lahat —

IPINASYA tulad ng pagpapasiyung ito na ipaabot ang tauspusong pasasalamat sa Sangguniang Barangay ng Libtong at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa nasabing barangay.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Libtong sa pamamagitan ni Punong Barangay John Fradejas para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. Pebrero 14, 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:

  
VIOLETA P. FUENTES  
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

  
GONZALO C. SINEL, JR.  
Pangalawang Punong Bayan/  
Tagapangulo

PINAGTIDAY:

  
JESUS M. DIMAPILIS  
Punong Bayan

merz/